


Programang nauukol sa Pagpapalit sa Alaskan Way Viaduct at sa Seawall



06.09



Ang Pagpapalit sa Alaskan Way Viaduct at sa Seawall



Maagang konsepto para sa Alaskan Way at para sa pasyalan sa waterfront.

Ang WSDOT, King County, at ang Lungsod ng Seattle ay ipagpapatuloy nang palitan ang Alaskan Way Viaduct at ang Seawall na maaaring gumuho kung lumindol, ng isang binutas na tunnel sa ilalim ng downtown, ng isang bagong karsada sa waterfront, mga lugar para sa transit, at ng mga pagbabago sa waterfront at sa mga karsada sa downtown. Ang solusyong ito ay:

- Lilikha ng isang kapalit ng viaduct na magiging ligtas kung lumindol.
- Magkakaloob ng kapasidad para sa sistema ng transportasyon para sa ngayon at sa hinaharap.
- Magkaloob ng mas maraming mapagpipilian para sa pagbibiyahe habang pinabubuti ang pagpunta sa downtown Seattle at ang pagdaan dito.
- Lilikha ng isang napakagandang lugar sa waterfront ng Seattle na mapupuntahan ng mga nakatira dito at ng mga bumibisita dito.
- Babawasan ang mga epekto ng konstruksyon sa mga negosyo at sa madlang nagbibiyahe.



Para sa karagdagang impormasyon


Tingnan ang Web site sa: www.alaskanwayviaduct.org | Tawagan ang hotline sa: 1-888-AWV-LINE | Mag-email sa: viaduct@wsdot.wa.gov

Balak na SR 99 na binutas na tunnel at panibagong Alaskan Way

Ang balak na SR 99 na binutas na tunnel ay makikita sa ilalim ng First Avenue. Ang konstruksyon ay inaasahang magsisimula sa 2011, at ang tunnel ay magagamit ng mga sasakyan sa 2015.

Mga elemento ng binutas na tunnel:

- Dalawang lane para sa mga sasakyan na may mga shoulder sa bawat direksyon.
- Mga dalawang milya ang distansya.
- Sa pagitan ng 60 at 200 talampakan ang lalim.



Ang binutas na tunnel ay binibigyan tayo ng opsyong tinatayo ang panibagong daanan habang nananatiling bukas sa mga sasakyan ang SR 99. Maagang konsepto ng binutas na tunnel.

Ang panibagong Alaskan Way ay makikita sa parehong lokasyon ng viaduct kapag inalis na ito. Magkakaroon ito ng isang mahusay na koneksyon sa Elliot Avenue and Western Avenue, na kung saan pwedeng gamiting patungo o mula sa northwest Seattle.

Ang bagong boulevard ay magkakaroon ng apat na lane (dalawang lane para sa bawat direksyon) at mga lane para sa pagliko sa pagitan ng mga karsada ng Pike at Columbia. Ang Alaskan Way ay magkakaroon ng anim na lane sa timog ng Columbia Street para pagaanin ang trapik ng mga sasakyang papunta sa ferry o mula dito. Ang lahat ng mga intersection ay magkakaroon ng mga signal na oorasan para maging mas mahusay ang takbo ng trapik ng mga sasakyan. Ang may-signal na mga tawiran ng mga pedestriyan ay titiyak ng kaligtasan ng mga pedestriyan sa kanilang pagpunta sa waterfront at mas lalong malalaman ng mga nagmamaneho ng mga sasakyan kapag may mga pedestriyan na tumatawid.



Maagang konsepto ng panibagong Alaskan Way at ang koneksyon patungong Elliot Avenue at Western Avenue.

Mga Hakbang na Pasulong

Sa panahong dini-design namin ang bagong binutas na tunnel, ginagawa namin ang mga iba pang project para sa daanan na nauukol sa kaligtasan at sa kadalian ng pagkilos ng mga sasakyan.

Mga pagkukumpuni para gawing ligtas sa panganib ang mga column ng viaduct



Patatatagin nang pansamantala ang mga pundasyon ng viaduct sa pagitan ng Columbia Street at Yesler Way.

Natapos: Spring 2008

Sa dakong timog: Magtatayo ng isang panibagong SR 99 mula sa S. Holgate Street patungong S. King Street



Baguhin ang seksyon ng SR 99 na malapit sa mga stadium at gawing may magkatabing daanan ng mga sasakyan. Ito ang papalit sa halos kalahati ng buong viaduct.

Konstruksyon: 2009 - 2013

Paglilipat ng linya ng kuryente



Nililipat ang mga linya ng kuryente na nakakonekta sa viaduct sa ilalim ng lupa sa pagitan ng S. Massachusettes Street at Railroad Way S.

Konstruksyon:
Fall 2008 – Winter 2009

Mga pagpapabuti at capital improvements para sa transit



Isagawa ang mga estratehiya na pinananatiling kumikilos ang mga tao at ang mga kalakal sa panahon ng konstruksyon, kabilang ang mas mabuting impormasyon tungkol sa pagbibiyaha, karagdang mga serbisyo ng bus, mga pangganyak para sa mga commuter at mga pagpapabuti ng mga karsada.

Konstruksyon: 2008 - 2013

Dakong hilaga: mga pagkukumpuni sa Battery Street Tunnel



Magsagawa ng regular maintenance at kumpunihin ang kasalukuyang mga sistemang pangkaligtasan laban sa sunog at para sa buhay.

Patuloy na ginagawa hanggang magbukas ang binutas na tunnel

Impormasyon tungkol sa Batas na nauukol sa mga Amerikanong May-Kapansanan at Title VI

Ang Americans with Disabilities Act (ADA) Impormasyon: Maipagkakaloob ang mga materyal sa ibang anyo: malalaking limbag, Braille, cassette tape, o sa computer disk sa mga taong may-kapansanan sa pagkontak kay Heather Santic sa 206-267-3789 / SanticH@wsdot.wa.gov. Ang mga bingi o may diperensya sa pandinig ay pwedeng humiling ng mga materya sa iba pang anyo sa pamamagitan ng Washington Relay Service sa 7-1-1.

Title VI: Tinitiyak ng WSDOT na ganap na tumutupad ito sa Title VI ng Civil Rights Act of 1964 sa pamamagitan ng pagbabawal ng diskriminasyon laban sa sinumang tao batay sa kanyang lahi, kulay, bansang pinagmulan o kasarian, sa pagkakaloob ng mga benepisyo at mga serbisyo na resulta ng mga programa at mga gawain na pinopondohan ng pamahalaang pederal. Para sa mga katanungan tungkol sa Title VI ng WSDOT, pwede ninyong kontakin ang Title VI Coordinator ng Department sa 360-705-7098.